



## Pagtigil ng Serbisyong Pangtahanan Dahil sa Hindi Pagbayad

Ang serbisyong pangtahanan ay maaaring putulin dahil sa hindi pagbayad ng atrasadong account pagkatapos lamang na maisagawa ang mga sumusunod na hakbang para matiyak ang pagtupad ng mga kinakilangan ng SB-998 para sa pagputol.

Sa sandaling lumipas na ang petsa na dapat magbayad, ang sumusunod na hakbang ay dapat na makumpleto ayon sa nakalistang pagkasunod-sunod sa ibaba:

Ang araw pagkalipas ng petsa na dapat magbayad - kuwentahin ang 5% na bayarin para sa nahuling pagbayad at magpapadala ng sulat bilang paalala ng hindi pagbabayad. Kasama sa paalala ang sumusunod na impormasyon:

Pangalan at address ng kustomer na atrasadong sa pagbabayad

Ang halaga ng hindi binayaran (hindi bababa sa \$50.00)

Ang petsa kung kailan dapat magbayad ay kailangan para maiwasan ang pagkakaputol ng serbisyo

Ang numero ng telepono ng kinatawan ng Distrito na maaaring makapagbigay ng karagdagang impormasyon

Impormasyon kung personal na magbayad o sa website ng distrito.

Kung sakaling ang serbisyo ay para sa maramihang tirahan pangtahanan na istraktura o mobile home park kung saan ang may-ari o tagapangasiwa ang naitalang kustomer, ang abiso sa aktwal na mga gumagamit ay magsasaad rin na ang mga aktwal na gumagamit ay maaaring maging kustomer nang hindi magbabayad ng atrasadong account, basta't ang lahat ng aktwal na gumagamit sa metro ay sumang-ayong susunod sa mga alituntunin at regulasyon ng Distrito o ang isa o higit pang aktwal na gumagamit ay pumapayag at kayang akuin ang responsibilidad para sa kabuuang halaga o may pisikal na paraan, ligal na maaaring paraang mapipili ang puputulin na serbisyo sa mga aktwal na gumagamit na lumabag sa kodigong ito.

Kung ang atrasadong account ay nananatiling hindi binabayaran pagkalipas ng petsa na dapat mabayaran ito, isang pangglang na tawag sa telepono ang isasagawa pitong araw bago ang petsa ng pagputol para abisuhan ang kustomer ng halagang di nababayaran at ang nakabinbin na petsa ng pagtigil. Sa tawag sa telepono, dapat naming aluking bigyan ang kustomer ng nakasulat na patakaran sa pagputol namin dahil sa hindi pagbayad.

Limang Araw sa Kalendaryo bago ng pagputol, mag-iiwan ng isang etiketa sa pintuan sa kapansin-pansin at halatang-halatang lokasyon sa ari-arian na nakasaad ang sumusunod na impormasyon:



Pangalan at address ng atrasadong kustomer

Ang halaga ng hindi binayaran (hindi bababa sa \$50.00)

Ang petsa kung kailan dapat magbayad para maiwasan ang pagkakaputol ng serbisyo

Ang numero ng telepono ng kinatawan ng Distrito na maaaring makapagbigay ng karagdagang impormasyon

Impormasyon kung personal na magbayad o sa website ng distrito.

Sa sadaling naputol ang account, mag-iiwan ang kawani ng Customer Service Field ng mga tagubilin kung paano maibabalik ng kustomer ang serbisyo.

**Ang serbisyong pangtahanan na hindi mapuputol dahil sa hindi pagbayad:**

Kung ginawaran ang isang kustomer ng palugit sa pagbayad o pag-areglo at kasalukuyang may pinagkasunduang areglo at anumang mga kasalukuyang bill

Kapag sinertipikahan ng isang lisensiyadong doktor ang pagputol ng serbisyo ay magdudulot ng panganib sa buhay ng kustomer, ang kustomer ay walang pinansiyal na kakayahan para bayaran ang serbisyo sa normal na panahon ng pagbayad at ang kustomer ay pumapayag na pumasok sa isang kasunduan para maghulog ng bayad ng hindi nabayaran halaga sa loob ng panahong hindi hihigt sa 12 buwan.

Kung ang kustomer ay nagsimula ng reklamo, kahilingan ng imbestigasyon, o nagsampa ng nakasulat na apela bago sa petsa ng pagputol ng serbisyo